




Republic of the Philippines
Department of Education
 Regional Office IX, Zamboanga Peninsula



- JANUARY**
Malugiton
- FEBRUARY**
Mahigugmaon
- MARCH**
Matinabungan
- APRIL**
Matinahuron
- MAY**
Makapsay og Malimpyo
- JUNE**
*Maablik og Masunod sa
Dhasalng Oras*
- JULY**
Maantigo og Maabilidad
- AUGUST**
*Maginhuhuhunon
para sa Uban*
- SEPTEMBER**
Madaginaton
- OCTOBER**
Matinud-anon
- NOVEMBER**
Masaligan
- DECEMBER**
Maalampon

6



Zest for P rogress
 Zeal of P artnership

Edukasyon sa Pagpapakatao

Quarter 2 - Modyul 2:
 Mabuting Pakikipagkaibigan



Name of Learner: _____

Grade & Section: _____

Name of School: _____



Alamin

Magandang araw kaibigan!

Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng pahayag na, “nabubuhay ako para sa iba”?

Bawat isa sa atin ay nangangailangan ng pagkalinga, pakikisalamuha o pag-aalaga ng pamilya, kaibigan, kapitbahay, kababayan o iba pa. At dahil kailangan natin ang ibang tao, hindi kataka-taka na isipin din natin na mapasaya sila at maibigay ang kanilang pangaingailangan. May pagkakataon pa nga na kahit magsakripisyo tayo ay ayos lang, lalo na kung ito ay para sa mga nahihirapan at iba pa na nangangailangan ng tulong.

Sa modyul na ito, iyong pag-aaralan kung paano ang pagtulong na siyang magiging daan sa pakikipagkaibigan at kung paano ito panatilihin.

Ang mga inihandang Gawain sa modyul na ito ay naglalayon na patnubayan kayong makamit ang mga sumusunod na layunin:

4. Naipakikita ang kahalagahan ng pagiging responsable sa kapwa:

4.2 pananatili ng mabuting pagkakaibigan

EsP6P-IIa-c-30

**Modyul
2**

Mabuting Pakikipagkaibigan



Balikan

Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan ang kahalagahan ng pagtupad sa pangako o pinagkasunduan. Sa modyul na ito, inaasahang mas mapapalalim pa ang kahalagahan ng pagpapanatili ng mabuting pakikipagkaibigan.

Sa gawaing ito, ating balikan ang iyong natutunan ukol sa kahalagahan ng pagtupad sa pangako o pinagkasunduan.

Panuto: Alalahanin ang isang pangakong ginawa mo na. Magbigay ng pokus sa paraan kung paano makatutupad sa pangako. Isulat sa kwaderno o sagutang papel ang iyong mga sagot.

Pangakong ginawa/ sinabi: _____

Kanino ipinangako: _____

Tinupad ba ito? : _____

Kung **OO**, ano ang iyong naramdaman?

Kung **HINDI**, dahilan ng hindi pagtupad:

Ano ang naramdaman mo nang hindi natupad ang iyong pangako?

Ano ang ginawa mo matapos mong hindi matupad ang iyong pangako?



Tuklasin

Sa bahaging ito, ating alamin kung paanong ang patulong ay nagiging daan sa pakikipagkaibigan at paano ito panatilin.

Basahin ang kwento. Tuklasin kung paano nagkraon ng bagong kaibigan ang kanilang samahan dahil sa pagbabahai ng kanilang panahon at talino sa mga batang lansangan.

Isang Kapuri- puring Proyekto

Malalim ang iniisip ni Karen nang dumating sina Carla at Daisy.

“Ano ang iniisip mo?” tanong ng magkaibigan.

“Nag-iisip ako ng isang magandang proyekto para sa ating club ngayong taon. Nasa ikaanim na baiting na tayo at malapit nang mag-hay-iskul. Nais kong magkaroon tayo ng isang malaking proyekto bago tayo magtapos,” paliwanag ni Karen.

“Mayroon ba kayong mungkahi?” tanong pa ni Karen.

“Mas mabuting magpatawag ka ng pulong,” sagot ng dalawa.

Nagsagawa nga sila ng pagpupulong nang sumunod na Lunes. Nagtipon lahat ng mga miyembro ng Needlecraft Club pati ang kanilang tagapayo, si Gng. Ramirez. Ang pangulo ng club na si Karen ang nabigay ng pambungad na pananalita.

“Marahil, alam na ninyo kung ano ang pag-uusapan natin ngayon dito. Nais naming malaman ang inyong mungkahi para sa proyekto natin ngatong taon,” sabi ni Karen.

“May kakilala ang tiyahin ko sa Department of Social Welfare Development (DSWD). Sinabi niya sa akin noong isang araw na kailangan nila ng boluntaryo para magturo ng pagbuburda sa mga batang lansangan. Maaari ba tayong magboluntaryo?” tanong ni Tina.

“Magandang mungkahi iyan, Tina. Mahalaga sa mga batang lansangan na matuto ng mga kasanayang panlibangan at panghanapbuhay,” sabi ni Gng. Ramirez.

Nakipag-ugnayan sila sa tagapamahala ng DSWD at inilahad ang kanilang layunin sa pagpunta.

Masayang binate ng mga batang lansangan ang mga miyembro ng club. Mga babae ang karamihan sa kanila.

Unang ipinamahagi ng mga miyembro ng club ang mga karayom, sinulad, tela, at pares ng gunting. Bago nagsimula ang sesyon, naghandog ng espesyal na palabas ang mga batang lansangan na ikinagulat ng pangkat. Ilan sa mga bata ang kumanta at sumayaw habang ang iba naman ay tumula at nagpakita ng dula.

Sa sumunod na sesyon, matiyagang tinuruan ng Needlecraft Club ang mga batang lansangan. Pagkaraan ng isang buwan, maraming bata an nakapagbuburda na nagpaligsahan pa sila para sa pinakamagandang disenyo.

“Tila nawiwili ang mga mag-aaral. Masaya sila sa kanilang ginagawa. Cross-stitching naman ang isunod nating leksiyon,” mungkahi ni Tina.

Iba’t ibang kasanayan ang itinuro ng Needlecraft Club sa mga bata. Ibang klaseng kasiyahan ang nadama ng mga miyembro ng club sa bawat leksiyon na ibinigay nila. Hindi lamang sila mga tagapagturo sa mga bata, nagging mga kalaro at kaibigan din sila. Habang nagbuburda, nakikipagkwentuhan sila sa mga bata. Marami silang nalaman tungkol sa kanilang mga buhay.

Napakarami nilang natutuhan sa mga batang kanilang tinuruan. Nagkaroon din sila ng mga bagong karanasan at mga bagong kaibigan.

Isang araw, nagulat ang mga miyembro ng club nang makatanggap sila ng isang imbitasyon mula sa Mayor ng bayan. Iniimbita sila upang tanggapin ang isang plake ng pagkilala para sa kanilang kapuri-puring proyekto.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Anong proyekto ang napagkasunduang isagawa ng Needlecraft Club?

2. Paano nila nagawang tulungan ang mga batang lansangan?

3. Paano tayo maaaring makatulong? Sa paanong paraan ito magiging daan sa pakikipagkaibigan?



Suriin

Sa bahaging ito, ating alamin kung paanong ang pagtulong ay nagiging daan sa pakikipagkaibigan at paano ito pananatilihin.

Tandaan

Pagpapanatili ng Mabuting Pakikipagkaibigan

Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng pahayag na, “nabubuhay ako para sa iba”?

Bawat isa sa atin ay nangangailangan ng pagkalinga, pakikisalamuha o pag-aalaga ng pamilya, kaibigan, kapitbahay, kababayan o iba pa. At dahil kailangan natin ang ibang tao, hindi kataka-taka na isipin din natin na mapasaya sila at maibigay ang kanilang pangangailangan. May pagkakataon pa nga na kahit magsakripisyo tayo ay ayos lang, lalo na kung ito ay para sa mga nahihirapan at iba pa na nangangailangan ng tulong.

Sa pamamagitan ng pagtulong sa kapwa, nakakakilala tayo ng ibang bata bukod sa mga kakilala mo na nagiging daan sa pagiging magkaibigan ninyo. Kailangan lamang na hindi tayo mahiya mahiya at mag-alinlangan na humarap at kumausap sa ibang tao para tayo ay magkaroon ng bagong kakilala at mga kaibigan. Ang pagmamalaskit sa kapwa at nagpapatibay ng pagsasamahan at pakikipagkaibigan. Dahil sa may pareho kayong saloobin sa pagtulong, mas nagiging matibay ang inyong samahan at mas marami pa kayong natutulong.

Palalimin ang iyong pang-unawa sa binasang konsepto sa itaas sa pamamagitan ng pagsagot sa sumususnod na katanungan:

1. Paanong ang pagtulong ay nagiging daan sa pakikipagkaibigan?

2. Paano ninyo pananatilihin ang pagiging mabuting pakikipagkaibigan?



Pagyamanin

Pagtatasa 1

Panuto: Basahin at unawain ang sitwasyon. Isulat ang tama kung sa tingin mong **TAMA** ang sitwasyon at **MALI** kung sa tingin mong **hindi tama**. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nagkaroon ng isang sunog sa kabilang barangay at nasali ang bahay ng iyong kaklase na hindi mo masyadong nakakausap o nakakasama sa paaralan. Dahil sa hindi naman kayo kaibigan, hindi ka namigay ng mga gamit na pwede nilang gamitin at hindi ka sumama sa klase para damayin sila.
2. Sa isang relief operation na iyong nasalihan, marami kayong mga batang kasali mula sa iba't ibang paaralan at organisasyon. Karamihan dito ay hindi mo kakilala at nilapitan sila. Mula noon naging magkaibigan kayo at parating sumasali sa mga relief operation.
3. Inimbita ka ng kaibigan mon a sumama sa kanilang programang pag-*recycle* ng mga gamit na pwedeng i-*recycle* para sa kalinisan ng inyong barangay. Dahil sa hindi ka interesado sa programang ito, hindi ka sumama sa kaibigan mo at sumama sa ibang kaibigan para mag-*outing*.
4. Nagkaroon ng “*Smile Project*” ang inyong seksiyon na kung saan bumibisita kayo sa children’s ward ng iba’t ibang ospital. Dahil sa kaarawan ng iyong kaibigan na mula sa ibang seksiyon, hindi ka sumama sa proyekto at nagdahilan ka na may sakit iyong ina at dapat mo itong samahan para makadalo ka sa party ng kaibigan mo.
5. Sa panahon ngayon na may krisis ang buong mundo, isa ka sa masasabing maswerte pa rin dahil hindi naapektuhan ang kabuhayan ng iyong pamilya at trabaho ng iyong mga magulang kaya naman sapat ang inyong pang-araw-araw na tustusin. Sa kabilang dako, ang iyong mga kapitbahay ay walang makain at walang trabaho. Kaya naman sinabihan mo ang iyong mga magulang na tulungan sila kahit isang kilong bigas at iilang de lata at noodles ang ipamigay ninyo sa inyong kapitbahay.

Pagtatasa 2

Panuto: Basahin ang mga sitwasyon sa ibaba. Pagkatapos, isulat sa sagutang papel o kwaderno kung dapat gawin ang isinasaad sa bawat bilang at bakit.

1. Walang pasok sa araw ng Lunes dahil Pambansang Araw ng mga Bayani. Maghaponing maglalaro ng computer games ang magkakaibigan.
2. Isang programa ang inihahanda para sa matatanda na nakatira sa Golden Sun Senior Residence. Ito ay bilang pagtatapos ng gawain ng inyong barangay. Iniimbitahan ka ng iyong mga kaibigan na sumama.
3. Mahusay kang gumuhit. May isa kang kapitbahay na madalas na pumupunta sa inyo upang humingi ng pagkain. Madalas, nakikita mo siyang umuupo lang sa inyong sala at walang ginagawa.
4. Biktima ng sunog na puminsala sa maraming ari-ariann noong linggong nagdaan ang ilan sa iyong mga kaibigan. Naglunsad ng isang proyekto ang inyong club para tulungan sila. Kailangan mong magbahay-bahay para mangalap ng donasyon. Kailangan mong kumatok sa mga pintuan ng mga kakilala at hindi mo kakilala. Nahihiya kang gawin ito.
5. Kabilang ka sa isang pangkat ng mga mananayaw. Nakita mong nakapaskil sa bulletin board ng paaralan ang paligsahan sa pagsayaw na inorganisa ng lokal na pamahalaan. Kung sakali, maaaring maging daan ang paligsahang ito sa pagsikat ng pangkat na magwawagi.

Pagtatasa 3

Panuto: Magsaliksik sa lyrics ng kantang “Hawak Kamay” ni Yeng Constantino. Kopyahin at isulat ang kanta sa inyong kwaderno bilang gabay ninyo sa pagsagot sa sumusunod na tanong.

Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong:

1. Anong bahagi ng kanta ang iyong paborito at bakit? Isulat ang bahagi ng lyrics na iyong nagustuhan.

2. Para sa iyo, tungkol saan ang kantang “Hawak Kamay”?

3. Kung ikaw ang bibigyan ng pagkakataong kantahin ang kanta, kanino mo ito iaalay at bakit?



Isaisip

Sa bahaging ito, ikaw ay sasagot ng mga katanungan na layong matukoy ang lawak ng iyong natutunan sa paksang pinag-aralan.

Panuto: Sagutin ang mga tanong na nababagay sa iyong katayuan sa paaralan.

Sa mga kasali/ miyembro sa isang club:

1. Ano ang iyong layunin sa pagsali sa club?

2. Ano-ano ang inyong gawain?

3. Naging daan ba ang pagsali mo sa club sa pagkakaroon ng bagong kaibigan? Paano?

Sa mga hindi kasali/ miyembro sa isang club:

1. Anong club ang iyong nais na salihan at bakit?

2. Ano ang iyong gagawin upang makatulong sa club na iyong sasalihan?

3. Magiging daan ba ang pagsali mo sa club sa pagkakaroon ng bagong kaibigan? Paano?

Para sa lahat:

4. Paano ninyo pananatilihin ang inyong mabuting pakikipagkaibigan?



Isagawa

Panuto: Umisip ng isang sitwasyon. Pag-isipan kung paano isasagawa ang sitwasyon at kung paano rin ito magiging daan sa pagkakaibigan.

Sitwasyon	Paano Isasagawa	Paano Maging Daan sa Pagkakaibigan



Tayahin

Panuto: Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Sa isang programa na iyong sinalihan, napansin mong may isang bata na hindi masyadong nakikihalubilo sa ibang mga kasamahan. Nalaman mong mag- isa lang siya galing sa ibang seksyon. Ano ang iyong gagawin?
 - A. Hahayaan na lang siyang mag- isa.
 - B. Lalapitan siya, magpakilala at kakausapin para hindi siya mag-iisa sa buong programa.
 - C. Tatawagin ang ibang kasama para lapitan siya at may makausap.
 - D. Tatawagin ang bata at ipakilala sa ibang bata para may kakilala siya.
2. Nakita mong nakapaskil sa iyong paaralan na nangangailangan ng mga volunteer para sa mga nasalantang pamilya sa kabilang munisipyo. Sinabihan mo ang iyong mga kaibigan ang tungkol dito ngunit hindi sila interesado. Ano ang iyong gagawin?
 - A. Magpalista lamang ng pangalan ngunit hindi ka sisipot sa araw na iyon.
 - B. Hindi na lang din ako sasali na maging volunteer.
 - C. Sasali pa rin ako sa programang iyon na maging volunteer upang makakilala ng ibang kaibigan.
 - D. Ililista ko ang mga pangalan ng aking kaibigan kahit hindi sila sasali.
3. Hiniram ng kaibigan mo ang aklat mo sa Matematika. Ipinangako niyang isasauli iyon pagkaraan ng dalawang oras. Matagal kang naghintay, pero hindi bumalik ang kaibigan mo. Ano ang magiging reaksiyon mo?
 - A. Kakausapin siya tungkol sa kahalagahan ng pagsasauli ng hiniram sa takdang oras na pinag- usapan.
 - B. Magpapahiram lamang ng mga gamit kung sa tabi mo llang siya gagamit.
 - C. Hindi na ipahiram ang aklat sa kaibigan.
 - D. Kukumbisihin ang sarili na wlang magandang idudulot ang pagpapahiram ng mga gamit.

4. May isang kang kaklase ng kakompetensiya sa lahat ng bagay sa paaralan lalo na sa pataasan ng grado. Sa inyong klase, nalaman mong nasunugan sila ng bahay at walang naisalbang damit ang iyong kaklase. Inanunsiyo din ng inyong guro na kung sinong may ekstrang damit o anumang gamit na pwedeng magamit na pwedeng ipamigay ay dalhin sa paaralan para sabay-sabay nilang idonate ito sa kanilang kaklase. Ano ang iyong gagawin?
- A. Ngumiti ng palihim sa nangyari sa iyong kaklase
 - B. Ipagsawalang bahala ang nangyari sa iyong kaklase
 - C. Hindi mo seseryohin ang iyong narinig mula sa iyong guro at ipagpatuloy ang pag-aaral at kompetensya sa nasabing kaklase
 - D. Ipaalam sa magulang ang nangyari at humingi ng permissong itipon lahat ng mga damit o gamit na pwedeng ipamigay sa kaklase
5. Paano niyo mapapanatili ang inyong pagkakaibigan sa gitna ng isang kalamidad tulad ngayon na nangyayaring pandemic?
- A. Magbubulag-bulagan kung nahihirapan ang ibang kaibigan.
 - B. Magbahagi ng kahit konti kung anong meron ang inyong pamila sa mas mahirap na kaibigan.
 - C. Sabihin na wala ring maitulong dahil nahihirapan ka rin.
 - D. Huwag na lang silang pansinin ara hindi malaman ang kalagayan nila.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin
1. B
2. C
3. A
4. D
5. B

Pagyamanin (Pagtatasa I)
1. Mali
2. Tama
3. Mali
4. Mali
5. Tama

Sanggunian

- Kagawaran ng Edukasyon, *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*, Batayang Aklat, 32, 40-45

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Julie Vi O. Mancenido

Teacher 1, Badjao Floating Elementary School

Isabela Island District II, Isabela City Schools Division

Editor: Julakmad I. Mohammad, School Head

Tagasuri: Naser P. Elang, Ed. D. (PSDS, Island District II)

Tagaguhit:

Tagalapat: Nadzhar A. Bakil, Teacher I

Tagapamahala: Julieto H. Fernandez, OIC- SDS

Maria Laarni T. Villanueva, OIC- ASDS

Eduardo G. Gulang, SGOD Chief

Henry R. Tura, CID Chief

Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor

Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator

Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

“And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?”

And the LORD replied “My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing
breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.

